Ulat ng

# SB 882 Konsehong Tagapayo sa Pagpapabuti ng Ugnayan sa Pagitan ng mga Taong May Kapansanan sa Pag-iisip at Pag-unlad (Intellectual and Development Disabilities, IDD) at ng Mga Tagapagpatupad ng Batas

*Abril 2026*

Buod para sa mga Tagapagpasya

# Buod para sa mga Tagapagpasya

Ipinapasa ng SB 882 Konsehong Tagapayo sa Pagpapabuti ng Ugnayan sa Pagitan ng mga Taong may Kapansanan sa Pag-iisip at Pag-unlad at ng Mga Tagapagpatupad ng Batas (Konseho) ang ulat na ito sa Lehislatura alinsunod sa Senate Bill No. 882 (2021–2022) (SB 882). Itinatag ng SB 882 ang Konseho upang suriin ang umiiral na mga pagsasanay para sa mga opsiyal na tagapamayapa na may kinalaman sa pakikipag-ugnayan sa "komunidad ng mga taong may kapansanan sa pag-iisip at pag-unlad" at sa "mga indibidwal na may mga sakit sa kalusugan ng pag-iisip," at tukuyin ang mga kakulangan sa mga pagsasanay na ito.  Inatasan din ang Konseho na magbigay ng iba pang rekomendasyon sa Lehislatura na sa tingin nito ay angkop upang mapabuti ang mga kinalabasan ng ugnayan sa pagitan ng mga tagapagpatupad ng batas at mga indibidwal na may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o may kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad. Pinahintulutan ng SB 882 na mag-operate ang Konseho sa loob ng dalawang taon, at ang mga kawani ng California Department of Justice (Kagawaran ng Katarungan ng California, DOJ) ang sumuporta sa gawain nito.

Unang nagtipon ang Konseho noong Abril 15, 2024 at gumamit ng iba't ibang pamamaraan upang mangalap at magsuri ng impormasyon upang matupad ang tungkulin nito. Sa loob ng dalawang taon, nagdaos ang Konseho ng 13 pagpupulong at nakarinig ng testimonya mula sa 38 saksi—kabilang ang mga miyembro ng apektadong komunidad, kinatawan ng mga tagapagpatupad ng batas, mga mananaliksik, tagapagbigay ng serbisyo, at iba pang eksperto. Upang maunawaan ang lawak ng umiiral na pagsasanay at pananaliksik, sinuri ng Konseho ang iba't ibang literatura tungkol sa mga uri at bisa ng pagsasanay, mga modelo ng pagtugon sa krisis, ang pangkalahatang sistema ng pangangalaga para sa mga taong may mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad, at iba pang kaugnay na paksa. Sa tulong ng DOJ, bumuo rin ang Konseho ng survey para sa mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas upang makuha ang impormasyon tungkol sa mga ginagamit na pagsasanay sa buong California at ang kanilang karanasan at pananaw tungkol dito. Sinubaybayan din ng mga miyembro ng Konseho ang mga pagsasanay na inaalok sa buong estado na tumatalakay sa pakikipag-ugnayan sa mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip at may mga kapansanan sa pag-iisip at pag-unlad at itinala ang mga katangian ng mga pagsasanay, at sinubaybayan ang mga tampok ng mga pagsasanay at ang kanilang mga pananaw sa pagiging epektibo ng mga ito batay sa iba't ibang sukatan.

Natukoy ng Konseho ang mga sumusunod na paksa para sa ulat na ito at nakipagtulungan upang bumuo ng mga rekomendasyon na magpapabuti sa mga pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tagapagpatupad ng batas at mga taong may mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip at mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad:

*Background:* Inilalahad sa ulat na ito ang mahahalagang impormasyon bilang batayan sa pagbuo ng mga rekomendasyon ng Konseho, kabilang ang mga historikal na kalakaran na nagbigay-daan sa papel ng mga tagapagpatupad ng batas bilang pangunahing tumutugon sa mga krisis na may kaugnayan sa kalusugan ng pag-iisip o mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad; mga magagamit na estadistika at pananaliksik tungkol sa dalas at kinalabasan ng pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tagapagpatupad ng batas at mga indibidwal na may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip at mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad; mga karapatan ng mga indibidwal na may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad; at isang pangkalahatang-ideya ng sistema ng pangangalaga ng California kung saan madalas na iniuugnay ng mga tagapagpatupad ng batas ang mga apektadong sibilyan sa mga serbisyo matapos ang isang pakikipag-ugnayan. Ipinapakita ng umiiral na pananaliksik na ang mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad ay mas malamang na magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa mga tagapagpatupad ng batas at mas malamang na makaranas ng paggamit ng puwersa sa mga ganitong pakikipag-ugnayan. Ang sistema ng pangangalaga kung saan maaaring maiugnay ang mga indibidwal na ito ay nagkakaiba-iba ayon sa rehiyon, at ang ilan ay maaaring makaranas ng mga hadlang o kakulangan sa pag-access sa mga serbisyo.

*Mga Modelo ng Pagtugon sa Krisis at mga Interbensyon sa Sistema:* Sinuri ng Konseho ang impormasyon tungkol sa iba't ibang modelo ng pagtugon sa krisis na may magkakaibang antas ng paglahok mula sa mga opsiyal na tagapamayapa. Nagbibigay ang ulat na ito ng pangkalahatang-ideya ng mga modelo ng pagtugon sa krisis at iba pang interbensyon sa sistema na ginagamit sa California at sa iba pang hurisdiksyon sa buong

bansa, pati na rin kung ano ang kasalukuyang nalalaman tungkol sa bisa ng mga modelong ito. Gumagamit ang iba't ibang hurisdiksyon sa California ng magkakaibang, at kung minsan ay maraming, modelo ng pagtugon sa krisis, kabilang ang modelong Crisis Intervention Team (Koponan para sa Interbensyon sa Krisis, CIT) na umaasa sa mga opsiyal na tagapamayapa na may espesyal na pagsasanay; mga modelong co-response na may pinagsamang pangkat ng mga unang tumutugon na kinabibilangan ng mga opsiyal na tagapamayapa at mga clinician; o mga pangkat na pinangungunahan ng sibilyan na ganap na ginagabayan ng mga clinician, mga kasamahan, o iba pang tagapagbigay ng serbisyo. Ang pagkakaiba-iba ng mga modelong ito, bukod sa iba pang mga salik, ay nagpapahirap sa pananaliksik tungkol sa kanilang bisa. Hindi pa malinaw ang resulta ng pananaliksik kung ang mga modelong ito ay nagreresulta sa mas kaunting pag-aresto at paggamit ng puwersa laban sa mga taong may kapansanan. Gayunpaman, ipinapakita ng pananaliksik na mas positibong tinatanggap ng komunidad ang mga modelong ito ng pagtugon sa krisis kaysa sa pagtugon ng mga tagapagpatupad ng batas lamang, at mas malamang na maiugnay ang mga miyembro ng komunidad sa mga kapaki-pakinabang na serbisyo kapag tinutulungan sila ng mga ahensyang gumagamit ng CIT o iba pang alternatibong modelo ng pakikipag-ugnayan. Inilalarawan din sa bahaging ito ng ulat ang iba pang elemento ng pagtugon sa krisis, kabilang ang mga dispatch system at peer support.

*Pagsasanay:* Nangalap ang Konseho ng malawak na hanay ng impormasyon tungkol sa pagsasanay ng mga tagapagpatupad ng batas na may kaugnayan sa mga indibidwal na may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad, kabilang ang mga uri ng pagsasanay, mga paraan ng paghahatid ng pagsasanay, at ang bisa ng mga ito. Tulad ng sa pananaliksik tungkol sa mga modelo ng pagtugon sa krisis, ang pagkakaiba-iba sa uri at kalidad ng mga pag-aaral ay nagpapahirap sa pagbuo ng magkakatugmang konklusyon tungkol sa bisa ng pagsasanay ng mga tagapagpatupad ng batas, at kinakailangan pa ang karagdagang pananaliksik upang maiugnay ang pagsasanay sa mga kongkretong pagpapabuti sa pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip, mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad, at mga tagapagpatupad ng batas. Gayunpaman, may ilang temang lumilitaw at pare-pareho sa buong pagsusuri ng literatura ng Konseho, mga obserbasyon sa pagsasanay, at survey ng mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas. Ang mga pagsasanay na gumagamit ng mga aktibong technique tulad ng role-playing at makatotohanang simulation ay lumilitaw na mas nakakaengganyo at mas epektibo bilang mga kasangkapan sa pagkatuto. Magagamit nang mahusay ng mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas ang virtual reality at iba pang teknolohiya upang maihatid ang ganitong uri ng pagsasanay. At ang mga pagsasanay na ibinibigay ng mga indibidwal at miyembro ng pamilya na apektado ng kalusugan ng pag-iisip o mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad ay partikular ding epektibo at positibong tinatanggap ng mga miyembro ng komunidad at ng mismong mga opsiyal na tagapamayapa. Sa huli, mas marami pang pagsasanay ang dapat paunlarin upang suportahan ang mga miyembro ng komunidad sa pag-unawa at pagiging mas komportable sa pakikipag-ugnayan sa mga opsiyal na tagapamayapa.

Sa buong prosesong ito, kinompronta ng Konseho ang mga tensyon sa pagitan ng umuusbong pa lamang na estado ng pananaliksik, ang hangaring mapabuti ang pagsasanay, at ang ebidensiya na ang pinakamahusay na paraan upang mapabuti ang kaligtasan ng mga interaksyong ito ay ang pagpapatupad ng mga sistemang nagbabawas sa paglitaw ng mga ito sa simula pa lamang. Dahil dito, isinama ng Konseho ang iba't ibang uri ng mga rekomendasyon na angkop sa isang larangan ng pag-aaral na patuloy pang umuunlad. Una, bumuo ang Konseho ng mga gabay na prinsipyo para sa mga rekomendasyon nito. Nagbigay ang Konseho ng serye ng mga rekomendasyon sa Lehislatura na pinaniniwalaan nitong puwedeng ipatupad agad upang mapabuti ang mga interaksyon sa pagitan ng mga tagapagpatupad ng batas at mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip o mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad. Sa huli, natukoy ng Konseho ang mga epektibong pamamaraan na maaaring isaalang-alang ng mga tagapagpatupad ng batas, mga tagapagbigay ng serbisyo, mga miyembro ng komunidad, at iba pa habang ipinatutupad nila ang mga umiiral na programa. Kabilang dito ang rekomendasyon na lumikha ng mga istruktura upang magpatuloy ang pagkatuto at inobasyon sa larangang ito kahit matapos ang operasyon ng Konseho, upang makasabay sa patuloy na nagbabagong mga sistema ng pangangalaga, tumugon sa patuloy na mga natuklasan sa pananaliksik, at masuri ang bisa ng mga iminungkahi at bagong ipinatutupad na mga interbensyon sa tuloy-tuloy na batayan.

Ang mga rekomendasyon ng SB 882 Konsehong Tagapayo ay nakalahad sa ibaba at sa dulo ng bawat kabanata.

## Mga Gabay na Prinsipyo

May mahalagang pagkakataon ang Lehislatura ng California at mga lokal na tagapagbalangkas ng patakaran na palakasin at palawakin ang magkakaugnay na mga sistema ng pangangalaga para sa mga indibidwal na may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip at mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad—kabilang ang mga indibidwal na dumaranas ng krisis. Sa pamamagitan ng pagpapatibay sa mga umiiral na balangkas at pagsusulong ng mga sumusunod na prayoridad, puwedeng makapaghatid ang mga mambabatas ng pangmatagalang benepisyo sa mga taga-California, mapabuti ang pampublikong kaligtasan, at matiyak na mangunguna ang estado sa mahabagin at epektibong pangangalaga. Mahalaga ang mga sumusunod na prayoridad upang makamit ang mga resultang ito:

- **Isama ang mga taong may mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad at may mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip** sa pagbuo at pagpapahusay ng mga patakarang nakaaapekto sa kanila, kabilang ang pag-aangkop para sa mga taong may mataas at komplikadong pangangailangan na nakaaapekto sa kanilang pakikilahok.
- **Bigyang-priyoridad ang pagpaplano na nakatuon sa indibidwal** upang matiyak na ang bawat indibidwal ay makatatanggap ng pangangalagang akma sa kanilang natatanging pangangailangan.
- **Isaalang-alang ang pangangailangan ng mga taong may maraming kapansanan** sa mga sistema ng pangangalaga at pagpaplano ng patakaran.
- **Tiyakin ang access sa panghabambuhay na mga serbisyo** upang mabawasan ang mga kakulangan na nagdudulot ng kawalang-katatagan at krisis.
- **Pahusayin ang koordinasyon sa pagitan ng mga ahensya** upang matiyak na ang mga indibidwal ay tuloy-tuloy na nakatatanggap ng tamang serbisyo sa tamang oras.
- **Hikayatin ang mga makabagong mapagkukunan** na tumutugon sa komplikadong pangangailangan at nagpapahusay sa paghahatid ng serbisyo.
- **Isama ang pananaliksik at ebalwasyon ng programa** sa tuloy-tuloy na paraan upang matiyak na ang mga mapagkukunan ay napupunta sa mga interbensyong may pinakamalaking kapakinabangan para sa populasyong SB 882, mga opsiyal na tagapamayapa, at sa komunidad sa kabuuan.
- **Palawakin ang access sa mga espesyalisadong mapagkukunan para sa krisis na iniangkop sa populasyong ito,** upang mabigyang-daan ang mga opsiyal na tagapamayapa na magpokus sa pampublikong kaligtasan habang pinapabuti ang suporta para sa mga indibidwal na nasa krisis.

Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa mga pagbabagong ito, makakalikha ang mga mambabatas ng mas tumutugon, mas patas, at mas epektibong sistema ng pangangalaga—isang sistemang naghahatid ng nasusukat na resulta sa kalusugan, nagpapalakas sa mga pamilya, nagpapahusay sa pampublikong kaligtasan, at nagpapababa ng magagastos na mga interbensyong pang-emergency. Ipapakita ng mga aksyong ito ang pamumunong lehislatibo, pananagutang piskal, at dedikasyon sa kapakanan ng lahat ng taga-California.

## Mga Kinakailangan sa Datos at mga Rekomendasyon

- Tukuyin ang mekanismo upang masuri ang bisa ng anumang bagong ideya o programa gamit ang pananaliksik. Habang nagtatapos ang kasalukuyang Konseho sa Abril 2026, inirerekomenda nito na lumikha ang Lehislatura ng isang istruktura o posisyon upang magsagawa ng tuloy-tuloy na pagsusuri sa tagumpay ng mga programa. Kasama sa tagumpay ng programa ang pag-aaral kung epektibo ang pagsasanay para sa mga opsiyal na tagapamayapa kaugnay ng pakikipag-ugnayan sa populasyong SB 882 sa pagpapabuti ng karanasan ng populasyong ito, at ang pag-aaral sa iba pang mga interbensyong nabanggit sa itaas.

- Dapat kabilang sa istrukturang ito o posisyon ang sapat na pondo para sa patuloy na kawani at mga gastusin, at isang malinaw na plano kung sino ang responsable sa pangangalap at pagsusuri ng datos at sa pag-uulat ng mga resulta. Inirerekomenda ng Konseho na ang istrukturang ito o posisyon ay ilagay sa loob ng isang ahensya ng estado o unibersidad (hal., Department of Health Care Services [Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan/Department of Public Health [Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan).[1]
  - Ang istrukturang ito o posisyon ay puwedeng mangasiwa sa mga pilot project para sa mga susunod na kinakailangang ipatupad, magpasuri sa mga mananaliksik ng bisa ng mga ito, at magpasya kung dapat bang palawakin ang proyekto batay sa mga resulta ng pananaliksik. Gayunpaman, maaaring abot-kaya at mabisa ang iba pang modelo ng pagbuo ng proyekto, kaya inirerekomenda ng Konseho ang hiwalay na pagsusuri para sa bawat programa.
  - Dapat kabilang sa mga pilot o iba pang proyekto sa pananaliksik ang isang working group ng mga stakeholder, kabilang ang mga taong may mismong karanasan, upang matukoy ang pinakaangkop na mga kinakailangan sa pangangalap ng datos, pagsusuri, at pag-uulat. Dapat iakma ang mga working group sa bawat proyekto upang matiyak na ang tamang kombinasyon ng kaalaman ay magagamit sa bawat isyu.
  - Dapat subukan ang mga plano sa pangangalap ng datos sa mga hamon ng tunay na sitwasyon upang matukoy ang mga posibleng kahinaan o hindi inaasahang epekto.
- Dapat kasama sa mga pilot project ang bahagi ng pananaliksik/pagsusuri sa pangangalap at pag-uulat ng datos upang matukoy ang mga posibleng epekto, kabilang ang mga hindi inaasahang kahihinatnan, at dapat itong pondohan. Ang mga miyembro ng research team ay dapat may karanasan at pag-unawa sa mga komplikasyon ng pagtatakda ng mga benchmark sa iba't ibang populasyon at lokasyon.
- Inirerekomenda ng Konseho na pondohan ng Lehislatura ang pananaliksik na pangangasiwaan ng istrukturang ito o posisyon, kabilang ngunit hindi limitado sa mga sumusunod na larangan:
  - Pag-aralan ang mga modelong tugon na ipinatupad ng mga ahensyang nagsasala ng mga tawag. Halimbawa, sa modelo ng Sacramento County Sheriff's Department (Kagawaran ng Sheriff ng Sacramento County), tinutukoy ng mga dispatcher kung aling mga tawag ang nangangailangan ng tugon mula sa mga tagapagpatupad ng batas at alin ang nangangailangan ng tugon mula sa tagapagbigay ng serbisyo (hal., provider sa kalusugan ng pag-iisip). Tinutukoy ng dispatcher kung tatawag ng bumbero, California Highway Patrol, lokal na pamahalaan, mga provider sa kalusugan ng pag-iisip, at iba pa.
  - Pag-aralan ang mga opsyon sa pagsasanay para sa pagdedesisyon na kinabibilangan ng ganap na pag-disengage, at suriin ang mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas na nagpapatupad ng ganitong mga patakaran (tingnan ang Mga Pamamaraang May Potensyal na Maging Epektibo: Pagsasanay).
  - Pag-aralan ang bisa ng mga programang pagsasanay sa komunidad at mga aktibidad ng outreach (tingnan ang Mga Pamamaraang May Potensyal na Maging Epektibo: Mga Modelo ng Pagtugon sa Krisis at mga Interbensyon sa Sistema).

1 Halimbawa, may isang matagumpay na modelo sa Ohio Criminal Justice Coordinating Center of Excellence, na pinopondohan ng Ohio Department of Mental Health and Addiction Services (Kagawaran ng Kalusugan ng Pag-iisip at Serbisyo sa Pagkalulong ng Ohio) at nakabase sa Northeast Ohio Medical University. Nagawa ng Center of Excellence na ito na iugnay ang pagkatuto sa buong estado at regular na maglabas ng mga ulat tungkol sa pagpapatupad at pag-unlad ng mga programang CIT sa buong estado. Northeast Ohio Medical University, *Coordinating Centers of Excellence*, https://www.neomed.edu/cjccoe/about/.

- Tukuyin ang isang sentral at pampublikong repositoryo ng datos tungkol sa mga interaksyong ito, na mas angkop ilagay sa isang ahensyang may kaugnayan sa pampublikong kalusugan kaysa sa California Department of Justice. Maaaring iugnay ang repositoryong ito sa istrukturang binanggit para sa tuloy-tuloy na pananaliksik.

- Atasan ang California Department of Justice na mag-ulat taun-taon tungkol sa mga kasong sinusuri alinsunod sa AB 1506 na kinasasangkutan ng isang taong may IDD o kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip, at maglaan ng pondo para rito.

- Pondohan ang tuloy-tuloy na pananaliksik sa mga sumusunod na prayoridad na sukatan ng tagumpay upang matiyak na nasusukat ang layunin ng anumang pagbabago sa patakaran, pagsasanay, o pamamaraan:

    - Pagbabawas sa paggamit ng puwersa sa mga pakikipag-ugnayan ng mga tagapagpatupad ng batas sa populasyong SB 882.

        - Suriin ang taunang datos sa ilalim ng Racial and Identity Profiling Act of 2015 upang matiyak na kabilang ang populasyong SB 882.

        - Atasan ang mga ahensya na mangalap ng datos tungkol sa mga pakikipag-ugnayan sa populasyong SB 882 sa kanilang pag-uulat ng paggamit ng puwersa.

        - Isama ang bahagi ng pananaliksik/pagsusuri upang matukoy ang posibleng ugnayan o sanhi ng paggamit ng puwersa kasunod ng anumang pagbabago sa pagsasanay, patakaran, o pamamaraan. Dapat may karanasan ang mga miyembro ng research team at pag-unawa sa mga komplikasyon ng pagtatakda ng mga benchmark sa iba’t ibang populasyon at lokasyon.

    - Pagtaas sa bilang ng mga referral sa mga suportang serbisyo bilang resulta ng mga interaksyon sa mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas.

        - Magtatag ng working group ng mga stakeholder upang matukoy ang pinakaangkop na mga pamamaraan ng pangangalap ng datos at mga kinakailangan sa pag-uulat. Mas mainam itong tuklasin sa pamamagitan ng independiyenteng pananaliksik sa komunidad tungkol sa mga karanasan sa mga tagapagpatupad ng batas.

        - Isama ang bahagi ng pananaliksik/pagsusuri sa pangangalap at pag-uulat ng datos upang matukoy ang mga posibleng epekto ng mga referral. Dapat may karanasan ang mga miyembro ng research team at pag-unawa sa mga serbisyong available sa rehiyon at sa mga komplikasyon ng pagtatakda ng mga benchmark sa iba’t ibang populasyon at lokasyon.

    - Pagbuo ng tiwala at ugnayan sa pagitan ng mga tagapagpatupad ng batas at ng populasyong SB 882, at pagpapahusay ng kaalaman ng populasyong SB 882, pati ng kanilang mga kapamilya at provider, tungkol sa mga interbensyon na puwedeng alternatibo sa pagtugon ng mga tagapagpatupad ng batas.

        - Magtatag ng working group ng mga stakeholder upang matukoy ang pinakaangkop na pangangalap at pagsusuri ng datos sa pagsukat ng tiwala, upang matukoy ang umiiral na kaalaman sa populasyong SB 882 at matukoy ang mga kakulangan. Mas mainam itong tuklasin sa pamamagitan ng independiyenteng pananaliksik sa komunidad tungkol sa lawak ng kaalamang ito.

        - Isama ang bahagi ng pananaliksik/pagsusuri sa pangangalap at pag-uulat ng datos upang matukoy ang mga posibleng epekto ng mga pagbabagong maaaring makaapekto sa tiwala sa pagitan ng mga tagapagpatupad ng batas at ng populasyong SB 882. Ang mga miyembro ng research team ay dapat may karanasan at pag-unawa sa mga komplikasyon ng pagtatakda ng mga benchmark sa iba’t ibang populasyon at lokasyon.

- Hikayatin ang mga mananaliksik na suriin kung tumpak ang kasalukuyang sistema ng pangangalap ng datos o kung may alternatibong makapagpapabuti sa kalidad nito. May mga alalahanin ang Konseho kung tumpak ang datos tungkol sa persepsyon ng mga opisyal kung ang isang tao ay may kapansanan. Ang pagkuha ng tumpak na datos ay mahalagang batayan upang masukat ang mga palatandaan ng tagumpay na inilarawan sa itaas. Dahil madalas na sabay-sabay ang mga gawain ng mga opsiyal na tagapamayapa, dapat subukan ang mga plano sa pangangalap ng datos sa mga hamon ng tunay na sitwasyon upang matukoy ang mga posibleng kahinaan o hindi inaasahang epekto.

## Mga Rekomendasyon: Mga Modelo ng Pagtugon sa Krisis at Iba Pang Interbensyon sa Sistema

- Magsaliksik at tukuyin ang mga estratehiyang nakabatay sa datos upang matugunan ang kakulangan sa workforce sa mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas, mga regional center, at mga kagawaran ng county para sa kalusugan ng pag-uugali, at kanilang mga vendor. Mamuhunan sa paglikha ng mga landas para sa edukasyon, lisensiya, at recruitment upang maging crisis responder sa kalusugan ng pag-uugali. Halimbawa, kabilang dito ang mga programang loan repayment, scholarship, at internship na binuo sa pamamagitan ng California Department of Health Care Access and Information (Kagawaran ng Access at Impormasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California) para sa mga estudyante at graduate sa larangan ng kalusugan at kalusugan ng pag-uugali.

- Ipatupad ang kakayahan ng paggamot sa kalusugan ng pag-uugali na may kasanayan sa IDD sa lahat ng bagong pasilidad na pinondohan sa ilalim ng Proposition 1 (2024) (Prop 1) at Behavioral Health Continuum Infrastructure Program (Programa sa Imprastraktura ng Tuloy-tuloy na Pangangalaga sa Kalusugan ng Pag-iisip, BHCIP). Dapat atasan ng California na ang lahat ng pasilidad para sa paggamot sa kalusugan ng pag-iisip na pinondohan sa ilalim ng Prop 1 at BHCIP, na magkasamang kumakatawan sa makasaysayang pamumuhunan ng estado na $13 bilyon, ay magpakita ng kakayahang magsilbi sa mga indibidwal na may mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad na may kasabay na pangangailangan sa kalusugan ng pag-iisip. Ang Prop 1 at BHCIP ay inaasahang makalilikha ng hindi bababa sa 6,800–11,150 bagong residential treatment bed sa buong estado, na siyang pinakamalaking pagpapalawak ng kapasidad sa kalusugan ng pag-uugali sa kasaysayan ng California. Upang matiyak na patas at naaabot ang mga pamumuhunang ito, dapat magtatag ang Estado ng mga pamantayan sa paggamot na may kakayahan sa IDD para sa lahat ng grantee at lisensiyadong operator. Dapat hilingin ng mga pamantayang ito sa mga pasilidad na:

    - Tanggapin ang mga indibidwal na may autism/IDD at magkakasamang umiiral na mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip, at ipagbawal ang pagbubukod batay lamang sa kapansanan, alinsunod sa mga pederal at pang-estado na batas sa karapatang sibil.

    - Ipakita ang kakayahang operasyonal na makapaglingkod sa mga indibidwal na may autism/IDD, kabilang ang mga tauhang sinanay sa mga suportang pangkomunikasyon, tumutugon sa krisis na may kamalayan sa pandama, mga positibong estratehiya sa pag-uugali, at mga technique sa pagpapakalma ng sitwasyon.

    - Isama sa disenyo ng pisikal at kapaligiran ng pasilidad ang mga elementong sumusuporta sa regulasyon ng pandama at pagpapatatag ng pag-uugali.

    - Makipag-ugnayan sa mga Regional Center, mga kagawaran ng county para sa kalusugan ng pag-uugali, at iba pang organisasyong nagsisilbi sa mga taong may kapansanan upang matiyak ang tuloy-tuloy na pangangalaga.

    - Isama ang mga rekisitong may kakayahang tumugon sa pangangailangan ng mga indibidwal na may IDD sa mga kasunduan sa pagpopondo, mga kondisyon sa lisensiya, at mga pamantayan ng operasyon ng California Department of Health Care Services (Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan, DHCS), upang matiyak na ang pagpapalawak ng kalusugan ng

pag-uugali sa California—na pinondohan sa pamamagitan ng Prop 1 at pinalakas ng BHCIP—ay sa wakas maisama ang mga indibidwal na may autism at IDD, na matagal nang kabilang sa mga madalas na naiiwan sa mga serbisyong pang-krisis, inpatient, at residensyal.

- Magpasa ng batas na ganap na nagpapatupad sa Manny Alert Act ayon sa mga rekomendasyon ng Nobyembre 2020 Manny Alert Act (AB 911) Feasibility Study of a Self-Registration Database for 911 Calls Final Report, kabilang ang isang pinopondohang boluntaryong rehistro sa buong estado at may real-time access para sa lahat ng Public Safety Answering Points (Mga Sentro ng Pagtanggap ng Tawag para sa Kaligtasan ng Publiko, PSAP), Computer Aided Dispatch Systems (Mga Sistemang Pang-dispatch na Suportado ng Computer CAD), at mga unang rumeresponde sa mismong lugar ng insidente.
    - Maglaan ng pondo at atasan ang mga lokal na ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas at mga 911 dispatcher na gumamit ng wireless emergency alert upang ipaalam sa publiko ang paghahanap sa mga nawawalang taong may IDD (kabilang ang paalala na suriin ang mga pool, anyong tubig, o freeway). Maaaring manggaling ang pondo mula sa bahagyang pagtaas ng Emergency Telephone Users Surcharge mula sa State Emergency Telephone Number Account (Pondo ng Estado para sa Numero ng Teleponong Pang-emergency, SETNA) para sa mga wireless phone plan.
- Isaalang-alang ang mga sumusunod na mapagkukunan ng pondo upang suportahan ang mga rekomendasyong ito:
    - Mga prayoridad o espesyal na grant para sa mas maliliit na kagawaran, lalo na sa mga rural na lugar, kabilang ang mga oportunidad para sa pinagsamang panrehiyong pagsasanay;
    - Pagtaas ng SETNA surcharge para sa mga wireless phone plan; at
    - Mga pondo mula sa Proposition 63 / Mental Health Services Act.

## Mga Rekomendasyon: Pagsasanay

- Magbigay ng espesyal na grant sa bawat county upang magpatakbo ng 24/7 na crisis team para sa kalusugan ng pag-iisip na tutugon sa mga tawag sa 911 at 988 na hindi kaugnay ng krimen.
    - Ipatupad ang pagsasanay sa IDD para sa mga crisis team sa kalusugan ng pag-iisip sa county na ito.
    - Ipatupad ang IDD bilang paksa sa mga kinakailangang core training ng Medi-Cal Mobile Crisis Training and Technical Assistance Center (Sentro ng Pagsasanay at Teknikal na Tulong para sa Mobile Crisis ng Medi-Cal, M-TAC).
- Atasan ang California Department of Developmental Services (Kagawaran ng mga Serbisyo para sa Pag-unlad ng California) na tukuyin kung aling mga regional center ang may safety training na kinabibilangan ng pakikipag-ugnayan sa mga opsiyal na tagapamayapa at mga serbisyong pang-emergency, tasahin ang gastos sa pagbuo nito sa mga wala pa, at mag-ulat sa Lehislatura. Sa pagtanggap ng ulat, dapat isaalang-alang ng Lehislatura ang isang beses na pondo upang maipatupad ito sa buong estado. Dapat kasama sa pagsasanay ang pag-iwas sa pagpapagala-gala o pagkaligaw, pagtugon sa emergency, paghingi ng tulong, at mga kasangkapang pangkomunikasyon para sa mga sitwasyong mataas ang stress.
- Bumuo ng batas na mag-aatas sa California Department of Education (Kagawaran ng Edukasyon ng California) bilang lead agency na bumuo ng kurikulum sa kaligtasan sa buong estado na batay sa ebidensya—na hihingi ng pakikipagtulungan mula sa California-based University Centers for Excellence in Developmental Disabilities Education, Research, and Service (Mga Sentro ng Kahusayan sa Loob ng mga Unibersidad sa California para sa Edukasyon, Pananaliksik, at Serbisyo Kaugnay ng mga Kapansanan sa Pag-unlad); mga Regional Center; Special Education Local Plan Areas (Mga Lugar na May Lokal na Plano para sa Espesyal na Edukasyon); mga organisasyong

nagtataguyod ng karapatan ng mga taong may kapansanan/mga self-advocate; mga eksperto sa komunikasyon at pag-uugali; POST; at mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas—upang suportahan ang mga guro sa espesyal na edukasyon sa pagtuturo ng mga kasanayang pangkaligtasan gamit ang komunikasyong angkop sa antas ng pag-unlad.

  - Maaaring kasama sa mga pagsasanay na ito ang pag-iwas sa pagpapagala-gala o pagkaligaw, pagtugon sa emergency, paghingi ng tulong, at mga kasangkapang pangkomunikasyon para sa mga sitwasyong mataas ang stress.
  - Dapat boluntaryo ang kurikulum, kumikilala sa mga karapatan, tumutugon sa iba't ibang kultura, at naaabot ng mga estudyanteng may iba't ibang kapansanan.
  - Dapat hikayatin ng kurikulum ang pakikilahok ng mga opisyal ng seguridad sa paaralan o lokal na mga opsiyal na tagapamayapa kung posible.
  - Kapag nabuo na, dapat itong ipalaganap sa buong estado ng California Department of Education at ng Special Education Local Plan Areas, kasama ang propesyonal na pag-unlad.
  - Dapat atasan ng batas ang mga team ng Individual Education Program (Indibidwal na Programa sa Edukasyon) na talakayin ang pagkakaroon ng mga suporta, mapagkukunan, at impormasyon kung paano makipag-ugnayan sa mga opsiyal na tagapamayapa at kung paano tutugunan ang pagpapagala-gala/paglayo ng isang tao.

- Hikayatin ang POST na:
  - Suriin at palakasin ang nilalaman ng Learning Domain 20 at 37, pati na ang iba pang kurso na may kinalaman sa mga kasanayang kailangang paulit-ulit na sanayin ("perishable skills"), sa pakikipagkonsulta sa mga subject matter expert, kabilang ngunit hindi limitado sa mga kawani na may klinikal na kadalubhasaan mula sa Department of Developmental Services, mga kawani na may klinikal na karanasan sa paglilingkod sa populasyong SB 882 mula sa Department of Health Care Services, mga organisasyong may kadalubhasaan sa populasyong SB 882, at mga taong may mismong karanasan bilang bahagi ng populasyong SB 882 o mga miyembro ng pamilya o tagapag-alaga ng naturang tao. Suriin ang kinakailangang oras ng pagsasanay kaugnay ng Learning Domain 20 at 37 at iakma ito kung kinakailangan batay sa mga natuklasan.
  - Suriin at isama ang mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad at kalusugan ng pag-iisip sa iba't ibang learning domain kung naaangkop, na may espesyal na pokus sa pagsasanay sa pagpapakalma (de-escalation). Suriin at isama ang mga senaryo at konsiderasyong partikular sa mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad at kalusugan ng pag-iisip sa mga learning domain ng POST, na binibigyang-diin ang oras, distansya, at pakikilahok ng pamilya. Bukod dito, isama ang impormasyon at mga estratehiya sa pagtukoy sa iba't ibang sanhi ng mga pag-uugaling nangangailangan ng tugon mula sa mga tagapagpatupad ng batas, at kung paano naaapektuhan ng mga ito ang estratehiya ng interbensyon. Dapat kabilang sa mga pagsasanay ang pagtukoy sa mga posibleng pisikal o mental na kondisyon.
  - Suriin at isama ang pagsasanay hinggil sa mga diagnosis ng populasyong SB 882, kabilang ang mga taong may maraming kondisyon. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, iba't ibang uri ng kalusugan ng pag-iisip, mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad, mga taong may parehong kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip at mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad, at mga taong may iba pang maraming kapansanan (tulad ng mga Deaf Plus).
  - Suriin at isama ang pagsasanay sa pakikipag-ugnayan sa populasyong SB 882 sa iba't ibang kalagayan na may potensyal na magkakaibang uri ng pakikipag-ugnayan. Halimbawa, sa mga kalagayang tulad ng tahanan o tirahan, isang establisiyimento ng negosyo, o sa isang bukas na pampublikong lugar, maaaring magkaiba ang mga pakikipag-ugnayan.

- Suriin ang minimum requirement para sa mga POST-certified trainer na nagbibigay ng kurso sa Learning Domain 20 at 37, pati na rin ang mga perishable skills na may kaugnayan sa populasyong SB 882, lalo na ang mga taong may IDD. Halimbawa, puwedeng maglaan ang Lehislatura ng taunang pondo sa California Department of Developmental Services at/o Department of Health Care Services (DHCS)/California Mental Health Services Authority (Awtoridad sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip ng California, Cal MHSA) upang magbigay ng train-the-trainer na mga kurso para sa mga POST-certified trainer kaugnay ng populasyong SB 882 at mga tagapagpatupad ng batas. Dapat kabilang sa pondong ito ang isang full-time na kawani at pondo para sa mga consultant na magsisilbing co-trainer o panelist upang maibahagi ang mismong karanasan.

- Magtakda ng minimum na bilang ng oras para sa pagsasanay sa mga perishable skills na may kaugnayan sa populasyong SB 882 para sa mga opisyal.

- Tiyakin na pamilyar ang mga tauhan ng mga tagapagpatupad ng batas sa mga posibleng pag-uugali kaugnay ng “pagpapagala-gala” o nawala ng mga matatanda at bata na kabilang sa populasyong SB 882. Hikayatin ang POST na isama ang mga pag-uugaling may kaugnayan sa pagpapagala-gala sa iba’t ibang learning domain na may kinalaman sa pagtugon at imbestigasyon sa mga nawawalang tao.[2]

- Suriin at tiyakin ang angkop na pagsasanay para sa dispatch sa paghawak ng mga tawag na maaaring may kinalaman sa isang indibidwal, tagapag-alaga, o tagapagmasid na kabilang sa populasyong SB 882—kung ano ang dapat suriin, anong mga tanong ang itatanong, kailan magpapadala ng mga tagapagpatupad ng batas, at paano ito i-code. Maaaring kabilang dito ang mga ulat ng nawawalang tao at mga taong nakararanas ng krisis. Dapat buuin ang gabay na ito sa pakikipagkonsulta sa mga subject matter expert, kabilang ngunit hindi limitado sa mga kawani na may klinikal na kadalubhasaan mula sa Department of Developmental Services, mga kawani na may klinikal na karanasan mula sa Department of Health Care Services, mga organisasyong may kadalubhasaan sa populasyong SB 882, at mga taong may mismong karanasan bilang bahagi ng populasyong SB 882 o bilang miyembro ng pamilya o tagapag-alaga.

Ang mga sumusunod, bagaman hindi pormal na rekomendasyon, ay mga epektibong pamamaraan at ideya na maaaring isaalang-alang ng mga mambabatas, mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas, POST, at mga trainer upang mapahusay ang bisa ng mga pagsasanay para sa mga opsiyal na tagapamayapa sa pakikipag-ugnayan sa populasyong SB 882 at sa pagbibigay ng mga serbisyo sa populasyong SB 882.

## Mga Pamamaraang May Potensyal na Maging Epektibo: Mga Modelo ng Pagtugon sa Krisis at Iba Pang Interbensyon sa Sistema

### Mga pamamaraan para sa mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas:

- Makipagtulungan sa mga organisasyong pangkomunidad o hindi kabilang sa mga tagapagpatupad ng batas upang magkaroon ng mas natural, regular, at hindi pang-emergency na interaksyon sa pagitan ng komunidad at mga opsiyal na tagapamayapa. Mga halimbawa:
  - Magdaos ng mga community event na may presensya ng mga opsiyal na tagapamayapa upang makabuo ng tiwala, mabawasan ang takot, at mabigyan ang mga pamilya ng ligtas na espasyo upang magsanay ng positibong interaksyon. Halimbawa, puwedeng imbitahan ng mga ahensya ang mga miyembro ng komunidad ng SB 882 na bumisita sa mga istasyon ng pulisya at makipag-usap sa mga opsiyal na tagapamayapa (hal., “Meet the Police” day, sensory-friendly safety fair), o bumisita ang mga opsiyal sa mga lugar tulad ng mga day program, mga Regional Center, o mga vendor nito.

2 Tingnan ang *Did You Know? – Wandering* (Alam Mo Ba? – Pagpapagala-gala, 2026) Cal. Com. on Peace Officer Stds. and Training, https://www.youtube.com/watch?v=qTbU8u42Dzk&list=PLVY_-7Z6jpM0B-g00hE_qsiE32H-vU1sf&index=30.

- Mag-organisa ng mga community event kung saan natural na nagkakaroon ng pag-uusap, tulad sa mga parke, at hikayatin ang mga opsiyal at indibidwal na magsagawa ng mga aktibidad nang magkasama (hal., buddy system o mga laro).
- Magtatag ng working group ng mga stakeholder upang tukuyin ang pinakaangkop na pangangalap at pagsusuri ng datos upang masukat ang epekto ng mas pinalawak na kolaborasyon sa pagitan ng mga tagapagpatupad ng batas at komunidad ng SB 882.

- Lumikha ng mga programa o ituon ang mga umiiral na outreach program sa populasyong SB 882 upang mahikayat ang mas natural at regular na interaksyon na hindi pang-emergency. Dapat makipagtulungan ang mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas sa mga miyembro ng populasyong SB 882 mula pa sa simula ng pagbuo ng programa.
- Palakasin ang kamalayan at ugnayan ng mga tagapagpatupad ng batas sa mga Regional Center at mga kagawaran ng county para sa kalusugan ng pag-uugali. Magtatag at panatilihin ang isang library ng mga sample na memoranda of understanding sa pagitan ng mga tagapagpatupad ng batas, mga Regional Center, at mga kagawaran ng county para sa kalusugan ng pag-uugali.
- Tiyakin na ang mga ulat ng CAD na inilalabas sa publiko, kabilang ang para sa mga mananaliksik, ay malinaw na nagkakaiba sa pagitan ng mga interaksyong sinimulan ng opisyal sa mga miyembro ng populasyong SB 882 at ang mga ipinadalang tawag para sa serbisyo.

**Mga pamamaraan para sa mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas, pampublikong kalusugan, o iba pang ahensya ng county:**

- Hikayatin ang pagsasama ng mga taong may kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip at mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad sa mga civilian oversight board kaugnay ng paggamit ng puwersa.
- Isaalang-alang ang pagpapatupad ng Blue Envelope system o lanyard system (isang boluntaryong sistema kung saan maaaring magpakilala ang mga taong may mga kapansanan sa pag-iisip o pag-unlad upang malaman ng mga opsiyal ang kanilang kalagayan). Pagkatapos, isalin ang mga materyales ng sistemang ito sa mga karaniwang wikang ginagamit sa komunidad.
  - Magtatag ng working group ng mga stakeholder, kabilang ang mga taong may mismong karanasan, upang tukuyin ang pinakaangkop na pangangalap ng datos, pagsusuri, at mga kinakailangan sa pag-uulat para sa pagpapatupad ng Blue Envelope (o katulad na) sistema, at kung aling mga ahensya ang pinakaangkop na magpatupad nito.
  - Isama ang bahagi ng pananaliksik/pagsusuri sa pangangalap at pag-uulat ng datos upang matukoy ang mga posibleng epekto ng Blue Envelope (o katulad na) sistema. Dapat may karanasan ang mga miyembro ng research team at pag-unawa sa mga komplikasyon ng pagtatakda ng mga benchmark sa iba't ibang populasyon at lokasyon.

## Mga Pamamaraang May Potensyal na Maging Epektibo: Pagsasanay

**Mga pamamaraan para sa POST o iba pang ahensya ng pagsasanay:**

- Dapat isaalang-alang ng POST at iba pang mga trainer ang pagsasama ng ganap na pag-urong bilang isang opsyon sa pagdedesisyon sa mga pagsasanay para sa mga tagapagpatupad ng batas. Kabilang dito ang pag-aaral sa mga ahensyang nagpatupad ng ganitong polisiya, tulad ng San Francisco Police Department (Kagawaran ng Pulisya ng San Francisco), na may mga protokol para sa pag-urong mula sa isang nakabarikada o nakahiwalay na indibidwal.[3]

3 Tingnan ang San Francisco Police Department General Order 5.24: Disengagement Procedures (Mga Pamamaraan sa Pag-urong), available sa https://www.sanfranciscopolice.org/sites/default/files/2023-06/SFPDDGO_5_24_20230606.pdf.

- Dapat bumuo ang POST at iba pang mga trainer ng mga resource na handa para sa paggamit sa field at gawin itong accessible sa pamamagitan ng mga QR code, mobile app, at mga desktop sa patrol vehicle. Halimbawa, maaaring kabilang dito ang: (1) mga training bulletin tungkol sa black letter law; (2) mga epektibong pamamaraan para sa iba't ibang sitwasyon; (3) mga gabay na kung/kung gayon; at (4) mga kaugnay na protokol.
- Dapat lumikha ang POST o iba pang angkop na ahensya ng isang sentralisadong training hub o library.
    - Mga target na audience: mga tagapagpatupad ng batas, mga propesyonal sa medisina, mga non-profit, at mga pasilidad tulad ng group home at mga vendor ng Regional Center.
    - Dapat kabilang sa library ang:  mga training, rekomendasyon, at mga halimbawa ng policy language na maaaring gamitin ng mga ahensya.
    - Access: isama ang mga mobile training unit na maaaring hiramin, lalo na para sa maliliit at rural na ahensya.
- Dapat ipagpatuloy ng POST ang pagsusuri sa mga third-party training at i-link ang mga updated na training sa POST training portal kung naaangkop. Tukuyin at isama ang mga training na binuo at pinangungunahan ng mga taong may mismong karanasan.
- Dapat magbigay ang POST at iba pang training agency ng self-paced at interactive na training module na may scenario-based decision tree, na maa-access sa pamamagitan ng isang secure online portal. Maaaring tapusin ng mga opsiyal ang mga module na ito sa kanilang sariling oras, na angkop para sa mga rural na kagawaran at sa mga may iba't ibang iskedyul. Upang mapanatili ang mataas na pakikilahok, dapat may mga makatotohanang scenario kung saan gagawa ng desisyon ang mga opsiyal at agad na makatatanggap ng feedback sa resulta. Ang mga sangang landas na ito ay umaangkop sa mga tugon—nagbibigay ng karagdagang mga resource para sa maling pagpili at nagbubukas ng mas advanced na nilalaman para sa mga tamang pagpili. Kapag pinagsama sa mga interactive na quiz at knowledge check, tinitiyak ng paraang ito na aktibong nakikilahok ang mga opsiyal na tagapamayapa habang pinatitibay ang mga epektibong pamamaraan sa pamamagitan ng pagdedesisyon sa mga sitwasyong tunay na nangyayari. Isaalang-alang ang paglalagay ng mga ito sa POST portal para sa mas madaling access.
- Dapat bumuo ang POST at iba pang training agency ng statewide mobile training unit na maaaring ipahiram sa maliliit na ahensya, at gumamit ng mga bodycam-based platform tulad ng Pro-Forma upang gayahin ang mga totoong sitwasyon na may kinalaman sa populasyong SB 882.

### Mga pamamaraan para sa mga ahensya ng mga tagapagpatupad ng batas:

- Hikayatin ang mga pagsasanay na sumasaklaw sa kultura at lokal na kasaysayan ng mga interaksyon at kung paano ito maaaring magdulot ng paglala ng sitwasyon. Halimbawa, hikayatin ang mga opsiyal na magbahagi ng impormasyon tungkol sa kanilang mga kapamilyang kabilang sa populasyong SB 882 upang mapalakas ang tiwala at pag-unawa sa isa't isa.
- Hikayatin ang lahat ng ahensya na gamitin nang husto ang POST training portal para sa standardized access.
- Dapat magpatupad ang mga ahensyang tagapagpatupad ng batas ng micro-learning sa mga briefing: isama ang maiikling video review upang talakayin ang mga totoong sitwasyon—kung ano ang naging maayos at kung ano ang puwedeng mapabuti. Kabilang sa mga halimbawa ang mga video mula sa third-party, YouTube body cam footage, mga eksena sa balita mula sa third-party na source, mga video na gawa ng sariling ahensya, o mga insidente ng ibang ahensya na ikinababahala ng komunidad, at mga pag-post ng mga pangyayari ng ibang ahensya.
- Samantalahin ang teknolohiya, kabilang ang simulation technology.

    - Palawakin ang paggamit ng Virtual Reality (VR) Training. Hikayatin at tuklasin ang paggamit ng VR upang mapahusay ang pagsasanay (hal., paggamit ng goggles o pakikilahok sa isang simulated na sitwasyon). Nagbibigay ang VR training ng immersive at scenario-based na karanasan na nagpapahusay sa pagdedesisyon, mga kasanayan sa pagpapakalma ng sitwasyon, kamalayan sa sitwasyon, at pagpapanatili ng kaalaman. Ipinapakita ng mga paunang pananaliksik at pilot program ang mas mataas na pakikilahok at mas mahusay na pagpapanatili ng kaalaman ng mga opsiyal na tagapamayapa, lalo na sa mga sitwasyong mataas ang stress o komplikado.

**Mga pamamaraan para sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas, mga ahensya ng pampublikong kalusugan, at/o mga organisasyon ng komunidad:**

- Bumuo at itaguyod ang mga programang pagsasanay sa komunidad bilang "kabiyak" ng pagsasanay para sa mga opsiyal na tagapamayapa, upang matiyak na natututo ang populasyong SB 882 at kanilang mga pamilya kung paano epektibong tumugon sa mga nakaka-stress na pakikipag-ugnayan sa mga tagapagpatupad ng batas.
    - Isama ang mga taong may mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip at IDD sa mga grupong bumubuo ng ganitong mga pagsasanay, mula pa lamang sa simula ng proseso ng pagbuo.
    - Tiyakin na ang mismong pagsasanay ay naglalaman ng mismong karanasan ng mga taong may mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip at IDD.
    - Hikayatin ang pakikipagtulungan ng komunidad at mga tagapagpatupad ng batas upang sanayin ang mga taong kabilang sa populasyong SB 882 kung paano makipag-ugnayan sa mga tagapagpatupad ng batas. Bumuo at ipatupad ang mga safety training para sa (1) mga kabataan/taong nasa hustong gulang sa populasyong SB 882 at kanilang mga pamilya; at (2) mga kawani ng direktang suporta na nakatuon sa pakikipag-ugnayan sa mga tagapagpatupad ng batas at mga serbisyong pang-emergency.
    - Mahahalagang bahagi:
        - Ituro kung paano mag-self-identify (hal., Blue Envelope o lanyard system).
        - Ipaliwanag kung ano ang dapat gawin sa panahon ng traffic stop o pakikipag-ugnayan sa opsiyal na tagapamayapa. Bigyang-diin ang mga hakbang sa kaligtasan, tulad ng hindi agad pag-abot sa wallet—sa halip, tanungin muna ang opsiyal kung kailan ligtas igalaw ang mga kamay.
        - Magbigay ng gabay kung paano pamahalaan ang sariling mga senyales ng stress at manatiling kalmado sa mga sitwasyong may mataas na pressure.
        - Hikayatin ang role-play at scenario-based na pagsasanay para sa mga indibidwal at pamilya upang mapalakas ang kumpiyansa.